## AVAILABLE ANG MGA SERBISYO PARA SA MGA BIKTIMA NG TRAFFICKING

Matutulungan ng DOL ang mga biktima ng human trafficking, anuman ang katayuan bilang imigrante, sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang serbisyo o referral sa mga organisasyong pangkomunidad.

Kabilang sa mga available na serbisyo ang:

- Pansamantalang pabahay sa panahon ng emerhensiya
- Pagkain at iba pang batayang pangangailangan
- Pagbawi ng mga hindi binayarang sahod
- Pagsasanay sa mga kasanayan sa trabaho at placement
- Tulong sa imigrasyon at legal na tulong
- Tulong sa pagtatatag ng permanenteng paninirahan sa Estados Unidos
- Mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan at pisikal
- Pagpapayo
- Tulong sa pagkuha ng mga pampublikong benepisyo mula sa pederal na gobyerno at estado
- Pagsasalin at interpretasyon
- Aksyong kriminal at/o sibil laban sa trafficker



Upang mag-ulat ng mga pinaghihinalaang kaso ng human trafficking, makipag-ugnayan sa:

**Kagawaran ng Paggawa ng Estado ng New York**
**Dibisyon ng Pagsunod at Edukasyon (dating kilala bilang Dibisyon ng Mga Patakaran at Gawain ng Immigrant)**

Tel: **877-466-9757**
Email: **trafficking@labor.ny.gov**
Website: **www.labor.ny.gov/immigrants**

**Pambansang Human Trafficking Sentro ng Mapagkukunan**

Tel: **888-373-7888**

**Karagdagang mapagkukunan:**
**Polaris Project**: www.polarisproject.org

**Kapag may emerhensiya, tumawag sa 911 *kaagad.***

**WE ARE YOUR DOL**

NEW YORK STATE | Department of Labor

@nyslabor | www.labor.ny.gov
**1-888-469-7365**

Ang Kagawaran ng Manggagawa sa Estado ng New York ay isang Employer/Programa na may Pantay ang Oportunidad. Ang mga auxiliary aide at serbisyo ay makukuha kapag hiniling at walang bayad sa mga indibidwal na may mga kapansanan TTY/TDD 711 o 1-800-662-1220 (Ingles) / 1-877-662-4886.

P744 T (02/24)







# ANG PUWERSAHANG PAGPAPATRABAHO AY ISANG KRIMEN!

## TULONG PARA SA MGA BIKTIMA NG HUMAN TRAFFICKING

**WE ARE YOUR DOL**

NEW YORK STATE | Department of Labor

## ANO ANG PUWERSAHANG PAGPAPATRABAHO?

Ang Puwersahang Pagpapatrabaho, na kilala rin bilang "Human Trafficking," ay isang malubhang krimen. Maaaring hindi mapagtanto ng mga taong pinupuwersang magtrabaho na ilegal ang nangyayari sa kanila at na mayroong tulong na makukuha. **Ang labor trafficking o puwersahang pagpapatrabaho ay nagaganap kapag gumagamit ang isang tao ng puwersa, panloloko, o pamimilit upang pagtrabahuin ang ibang tao nang taliwas sa kanilang kagustuhan.**

**PUWERSA:** Pagbabanta ng pisikal na karahasan, o aktwal na pisikal na karahasan, laban sa isang manggagawa o kanilang pamilya.

**PANLOLOKO:** Isang huwad na pangako na walang balak ang trafficker na tuparin, tulad ng pangangako ng green card o pera.

**PAMIMILIT:** Bantang isinasagawa upang piliting magtrabaho ang isang tao , tulad ng bantang tatawagan ang immigration o ang pulisya at sinungaling na pagbintangan ng isang krimen, o sinungaling na magsabing kailangang magtrabaho ng isang indibidwal upang bayaran ang isang utang.

Gumagamit ang mga trafficker ng kombinasyon ng t**akot, intimidasyon, pang-aabuso, at mga sikolohikal na taktika** upang kontrolin ang mga biktima, tulad ng:

**EMOSYONAL NA PANG-AABUSO:** Pagpapahiya sa manggagawa sa harap ng iba, pangungutya, pagpaparamdam sa biktima na may kasalanan ito at pinagbibintangan sila sa sitwasyon. Maaaring igiit rin ng mga trafficker ang kanilang pribilehiyo batay sa kasarian, edad, o nasyunalidad upang iparamdam na mas mataas sila. Sa kabilang banda, maaari ring puriin ng mga trafficker ang manggagawa, sa pagsasabi sa kanilang umaasa sila sa mga ito, o pagsasabi sa manggagawa na sila lang ang nag-aalala o magbibigay sa mga ito ng trabaho, at kung gayon ay dapat magpasalamat pa ang mga ito sa trafficker.

**PAGHIHIWALAY AT KONTROL:** Maaaring sabihin ng mga trafficker sa manggagawa na hindi dapat makipag-usap ang mga ito sa ibang tao, maaaring tuluy-tuloy nilang subaybayan ang manggagawa gamit ang telepono o camera, o magpakita sila ng mga sandata at maggiit ng koneksyon sa mga kapulisan upang manakot. Maaari ring limitahan ng mga trafficker ang akses ng manggagawa sa pera upang lumikha ng pagdepende nito sa pamamagitan ng pagbabayad nang napakadalang, napakaliit, o hindi talaga pagbabayad.

## PAGTUKOY SA POSIBLENG TRAFFICKING

Maaaring mangyari ang human trafficking sa maraming industriya, kabilang ang:

- Mga pagawaan, tulad ng mga pagawaan ng garment
- Mga sakahan o landscaping
- Konstruksyon
- Mga pribadong tahanan (hal., mga yaya at kasambahay)
- Mga restawran, bar, hotel or iba pang industriya ng serbisyo
- Mga strip club, prostitusyon sa kalye, mga pekeng massage parlor, mga escort service, mga brothel, atbp.

Maaaring biktima ng human trafficking ang isang tao kung siya ay:

- Hindi malayang makapunta at makaalis
- Walang kontrol sa sarili nilang mga dokumento sa pagkakakilanlan o pera
- Hindi binabayaran o binabayaran ng napakaliit na halaga
- Nagtatrabaho nang napakahabang oras
- May utang na napakalaki o lumalaki
- Naninirahan o nagtatrabaho sa lugar na mayroong hindi pangkaraniwang higpit ng seguridad o maraming camera
- Hindi karaniwang nababalisa, natatakot, masunurin, labis na nalulungkot, ninenerbyos o tensyonado
- May mga hindi maipaliwanag na pinsala o senyales ng matagal na o hindi ginagamot na karamdaman o sakit
- Nagpapakita ng senyales ng pisikal o sekswal na pang-aabuso, pisikal na pagpigil, pagkukulong o tortyur

## ANG TUNGKULIN NG KAGAWARAN NG PAGGAWA NG ESTADO NG NEW YORK SA PAGTULONG SA MGA BIKTIMA NG HUMAN TRAFFICKING

May awtoridad ang Kagawaran ng Paggawa na tumanggap ng mga reklamo at magsagawa ng mga imbestigasyon sa mga paglabag sa Batas Paggawa ng New York, tulad ng minimum na pasahod, obertaym, mga hindi bayad na sahod, at mga ilegal na kabawasan. Mayroong awtoridad ang mga imbestigador ng Kagawaran ng Paggawa na pasukin at inspeksyunin ang mga negosyo, kapanayamina ng mga manggagawa, at suriin ang mga rekord ng payroll. Ang mga kawani ng Kagawaran ng Paggawa ay sinanay upang matukoy ang posibleng trafficking. Ikinokoordina ng Dibisyon ng Mga Patakaran at Kaganapang Pang-imigrante ang mga pagsisikap ng Kagawaran ng Paggawa laban sa human trafficking, kabilang ang:

- Pagbibigay ng mga referral sa NY Response to Human Trafficking Program
- Pagbibigay ng mga sertipikasyon para sa mga U o T visa para sa mga karapat-dapat na biktima ng mga partikular na malubhang kwalipikadong krimen, kabilang ang human trafficking
- Pagtataas ng kamalayan ng publiko sa pamamagitan ng mga outreach presentation sa komunidad at mga negosyo

Kung interesado ka sa alinman sa aming mga serbisyo, pakitawagan ang Division of Immigrant Policies and Affairs sa **877-466-9757** o i-email ang **trafficking@labor.ny.gov**.

